

# I-book ang iyong LIBRENG pagbabakuna sa trangkaso ngayon

## Magpabakuna

Ang pinakarurok na panahon ng trangkaso (flu) ay karaniwang nangyayari sa taglamig, kaya magandang ideya na magpabakuna nang libre laban sa trangkaso bago dumating ang panahon ng trangkaso.

Maaari kang magpabakuna sa iyong lokal GP, klinikang pangkalusugan sa komunidad o botika. Ang bakuna laban sa trangkaso ay inirerekomenda para sa lahat na may gulang na mahigit 6 na buwan. Makakakuha ka ng libreng bakuna laban sa trangkaso kahit wala kang Medicare card, basta't naninirahan ka sa Queensland.

## Bakit mahalaga ang pagbabakuna?

Ang trangkaso ay isang labis na nakahahawang impeksyon na ang ilang tao ay magagawang magkasakit nang malubha. Ito ay maaaring magkaroon ng malulubhang kumplikasyon kabilang ang pagpapa-ospital at kamatayan.

Ang mga taong pinaka-nanganganib ng pagpapa-ospital ay ang mga bata, matatanda, buntis at mga taong may kundisyon ng kalusugan katulad ng diyabetis, mga problema sa baga o puso.

Napakahalaga na hadlangan ang trangkaso sa pamamagitan ng pagtiyak na lahat ay makakakuha ng bakuna, lalo na ang mga labis na nanganganib.

Ang pagbabakuna ng mga bata ay makakatulong din sa paghadlang sa pagkalat ng impeksyon sa ibang tao.

## Imyunisasyon para sa mga bagong taga-Queensland

Para sa mga bagong dating sa Australya, ang pamahalaang Pederal ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa pagsasalinwika ng mga Immunisation Passport, at dating mga dokumento ng pagbabakuna. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa Department of Home Affairs Translating Service o tumawag sa 1800 962 100.

## Ang bakuna ba laban sa trangkaso ay Halal at Kosher?

Ang mga bakuna ay pinapahintulutan para sa mga batang Muslim na sumusunod sa relihiyon (halal) at para sa mga batang Hudyo (Jewish) na sumusunod sa relihiyon (kosher). Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Institute for Vaccine Safety.

## Kailangan mo ba ng karagdagang impormasyon?

Kausapin ang iyong GP kung may katanungan ka tungkol sa pagbabakuna laban sa trangkaso. Maaari ka ring tumawag sa 13 HEALTH sa 13 43 25 84 at makipag-usap sa isang nars.
Humingi ng interpreter kung kailangan mo. Maaari mong alamin ang higit pa tungkol sa bakuna laban sa trangkaso, at mga mapagkukunan sa iyong wika, dito.

Search for
Vaccination Matters

Queensland Government